# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 01, 2021, LUNES, IKA-09:21 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN ..... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban ..... Kagawad
Kagalang-galang Lea A. Almarvez ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven ..... Kagawad
Kagalang-galang Efren L. Diaz ..... Kagawad
Kagalang-galang Lucena R. Odejar ..... Kagawad
Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw ..... Kagawad/ABC Federation President
Kagalang-galang Regine S. Regalado ..... Kagawad/ SK Federation President

DI-DUMALO:

Kagalang-galang Louie C. De Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Alan T. Pamatmat ..... Kagawad

RECORDED 24 FEB 2021 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: DATE: 2-26-21 TIME: STA CRUZ LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 016-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 047-T2020/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 008-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG TATLONG DAAN SIYAMNAPU'T APAT NA LIBO TATLONG DAAN APATNAPU'T TATLONG PISO AT DALAWAMPUNG SENTIMOS (P394,343.20) PARA SA 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) NG BARANGAY MALINAO, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, ang halagang P394,343.20 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at proyektong pangkaunlaran mula sa 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas ng nabanggit na barangay sa taong 2021;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng Barangay Malinao.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Barangay Affairs), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 047-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 008-T2020 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P394,343.20 para sa 20 bahagdang pondong pangkaunlaran (20% Development Fund) ng Barangay Malinao, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 01, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan